

## **Obra Maestra – Ikalimang Edisyon**

### ***Panimula***

Ang bansa ay nangangailangan ng isang tunay, tapat, at marangal na pinuno. Hindi maaaring maging maunlad ang isang bansa kung hindi marunong magpalakad ang isang pinuno. Ito ay isang malaking hamon sa mga kabataan sa kinabukasan. Bata pa lamang ay dapat sinasanay at hinuhubog na upang sa pagdating ng panahon na sila ay kailanganin ng kanilang bansa, handa na silang humarap sa mga hamong kanilang kakabakahin. Ang tugon sa pangangailangang ito ay ang **OBRA MAESTRA, IKALIMANG EDISYON**.


### **Product Vision**

Ang *vision* ng aklat na Obra Maestra, Ikalimang Edisyon ay maihanda ang mga kabataan na maging isang mabuting pinuno sa ika-21 siglo na may malawak na kaalaman at kasanayan at higit sa lahat ay may mahusay na karakter. Mawawalan ng halaga ang kaalaman at kasanayan kung wala silang mabuting asal sapagkat ito ang nagpapakilala kung sino at anong uri ng tao sila.

Sa pamamagitan ng aklat, **Obra Maestra, Ikalimang Edisyon**, tutulungan ang mga kabataan na gamitin ang Pagkatuto at Kasanayang Inobasyon ( *Learning and Innovation Skills*) na nakapokus sa pagiging malikhain (*creative*), kritikal na pag-iisip (*critical thinking*), mahusay na pakikipagtalastasan (*communication*) at pagkakaroon ng kolaborasyon (*collaboration*) sa kanilang kapwa. (4 Cs )

Bibigyan din ang mga bata ng oportunidad na maipamalas ang komitment sa pagkatuto para sa isang prosesong panghabambuhay ( *Demonstrate commitment to learning as a lifelong process*). Hihikayatin din sila na manguna at mamuno (*lead and guide*), maging responsable (*responsible*) para sa kapakanan ng nakararami. Upang higit silang maging epektibo, kinakailangan ay makapagpakita sila ng mga kasanayang may kaugnayan sa impormasyon, *media* at teknolohiya ( *Information, Media and Technology Skills*). Dahil dito, inaaasahang ang bawat isa ay magkakaroon ng tiwala sa sarili, marunong umako ng responsibilidad para sa kanilang pagkatuto, aktibo sa pakikilahok na naglalayong mapataas at higit sa lahat ay magiging mamamayang may malasakit sa loob ng kanilang tahanan, paaralan, pamayanan hindi lamang sa bansa kundi sa buong mundo.

# Ang Kabataan sa Ika-21 siglo



Hangad din ng aklat, **OBRA Maestra, Ikalimang Edisyon** na maipakita ang malinaw na tunguhin ng proseso ng pagkatuto (*learning process*) mula sa pagkuha ng kaalaman (*knowledge*), sa pagkaunawa (*understanding*), paglinang ng mga kasanayan (*development of the skills*) na iaaplay sa tunay na nangyayari sa buhay.

May kaibahan ang **Obra Maestra, Ikalimang Edisyon**, sa ikaapat na edisyon sapagkat ipinasok ang elementong pagkuha ng dating kaalaman o *prior knowledge* upang mapanatili ang impormasyon mula sa teksto. Inihahanda rin sila na mabasa at maging bukas sa mga tatanggaping bagong impormasyon. Ang anim na aspeto ng pagtatanong (*facets of understanding*) ay isa sa mga nagpaganda sa aklat sapagkat ang mga kasagutan nito ay nagangailangan ng matalinong pag-iisip. ( Tingnan ang pahina 4 upang higit na maunawaan ang *facets of understanding*.)

Makikita sa aklat ang disenyo ng UBD ( *Understanding by Design*) at ang paggamit ng gawaing TAPS na dati ay DI (*Differentiated Instruction*) sa tulong ng *Auditory, Visual at Multiple Intelligences*. Ang guro ang magtatakda kung kaninong pangkat ibibigay ang mga gawain.

Ang EU o mahalagang kaalaman at EQ o mahalagang katanungan ay magsisilbing giya kung paano ang natututuhan ay maisasabuhay tungo sa pagiging isang marangal na pinuno.

### **Description**

Ang **Obra Maestra, Ikalimang Edisyon**, ay may isang korido sa pangalan ng Ibong Adarna; isang awit sa pangalan ng Florante at Laura na isinulat ni Francisco Baltazar; at dalawang nobela, Noli Me Tangere at El Filibusterismo na parehong isinulat ng bayaning si Dr. Jose Rizal.

Ang nilalaman ng Ibong Adarna ay nakapokus sa paggalang, kahalagahan at pagmamahal ng pamilya, pag-iibigan ng magsing-irog, paglilingkod nang tapat sa kanyang bayan, pagtulong sa kapwa, pagtupad sa pangako at higit sa lahat ay ang pananampalataya sa Panginoon.

Ang Florante at Laura ay nakapokus sa pagsasakripisyo alang-alang sa pag-ibig, tapat na pag-iibigan at pagtulong sa kapwa kahit magkaiba ang kanilang sekta.

Ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay patungkol sa mga sakit ng lipunan na wala nang kagalingan. Gigisingin ang natutulog at nauuhaw na mga puso sa tawag ng katarungan at hangaring makamtan ang kapayapaan.

Sa tulong ng *21<sup>st</sup> Century Skills*, aakayin ang mga mag-aaral na maging malikhain, mahasa ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na may kaugnayan sa impormasyon,

*media* at teknolohiya, mahusay na pakikipagtalastasan o komunikasyon at kolaborasyon sa kapwa, may tiwala sa sarili, may kusang palo, mapagmalasakit na mamamayan, aktibong nakikilahok sa mga prohektong magpapaunlad sa sarili at sa bayan.

Ang bawat aklat ay hinati sa walong yunit. Bawat aralin ay may limang elementong sinusunod:

**I. Layunin**

**II. Tunguhin**

**III. Panimula**

**IV. Aralin o Teksto**

**V. Alam Ko**

Ito ang tinatawag na *prior knowledge* sa wikang Inggles. Ang dating nalalaman ng mag-aaral ay kokonekta o mag-uugnay sa paksang tatalakayin.

**VI. Bibigyang-Kahulugan Ko**

Ito ang mga salitang aalamin ang kahulugan sa tulong ng iba't ibang estratehiya.

**VII. Aalamin Ko ( *Facets of Understanding* )**

Ito ang mga katanungan na hinati sa anim na pangkat:

- A. Pagpapaliwanag ( *Explanation* )- Ang mga mag-aaral ay maaaring makapagbigay ng maselan at angkop na mga paliwanag at teorya na nagtataglay ng kaalaman at katanggap-tanggap na paglalahad ng mga pangyayari, pagkilos at mga ideya.
- B. Pagpapakahulugan ( *Interpretation* )- Ang mga mag-aaral ay lumilikha ng sariling kahulugan sa kanilang natatanggap na karunungan at kaalaman.
- C. Paglalapat ( *Application* )- Ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng kakayahan na magamit ang kanilang natutuhan nang epektibo sa bagong sitwasyon at malalim na konteksto..
- D. Pananaw ( *Perspective* )- Ang mga mag-aaral ay nakikita ang kritikal at malalim na puntong pananaw.
- E. Pakikisangkot ( *Empathy* )- Ang mga mag-aaral ay may kakayahan na maramdaman at maunawaan ang damdamin ng iba.
- F. Kaalaman sa Sarili ( *Self Knowledge* )- Ang kaalaman sa sarili ay kasamang unawain ang limitasyon ng kanyang hangganan o kakayahan at kung paano ang takbo ng kanyang pag-iisip at pagkilos pati ang kinikilingang pang-unawa.

**VIII. Lilinangin Ko**

Tatalakayin dito ang bahagi ng nilalaman ng aralin na maaaring iugnay sa sariling karanasan o karanasan ng iba o makapagbigay ng puna sa ginawa at desisyon ng mga tauhan sa akda.

**IX. Isasabuhay Ko**

Sa elementong ito, ipakikita ng mag-aaral kung ano at paano niya isasabuhay at bibigyang- kalutasan ang isang suliranin na magpapakita ng kanyang kalakasan (*strengths*). Makikita sa elementong ito ang paghubog sa mga mag-aaral na maging mabuting lider o pinuno. Ito ang tinatawag na *transfer of learning*.

**X. Gagawin Ko**

Dito ipapasok ang iba't ibang gawaing aangkop sa kakayahan (*ability*) ng bawat mag-aaral sapagkat hindi lahat ng mag-aaral ay parepareho ang kakayahan at talino.

Nakapokus ang guro sa konsepto, *principles* at kasanayan na dapat matutuhan ng bawat mag-aaral.

Nakatuon ito sa iisang paksa o ideya sapagkat ang bigat (*degree*) ng bawat gawain ay dapat nakalinya sa kakayahan ng bawat mag-aaral.

Ito ang *performance task*.

**XI. Takda**

( Paunawa: Ang *assessment* ay ilalagay sa TRM.)

Bilang ng Aralin

Pamagat ng Teksto

Layunin

Tunguhin

Mahalagang Kaalaman

Mahalagang Katanungan

Balik-Tanaw

Natutuhan ko sa nakaraang aralin ang \_\_\_\_\_

Nagbigay ng kakintalan sa akin ang \_\_\_\_\_

Napahalagahan ko sa nakaraang aralin ang \_\_\_\_\_

Panimula

Halagahang Pangkatauhan:

Aralin Bilang


Pamagat

( saknong o kabanata bilang )


Alam Ko ( Prior Knowledge )




Bibigyang-kahulugan Ko




Aalamin Ko



Isasabuhay Ko



Gagawin Ko



Takda

Ang **Obra Maestra, Ikalimang Edisyon**, ay naglalayong maisakatuparan ang sumusunod na mga layunin:

1. Maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga obra maestrang nilikha ng mga pangunahing manunulat at bayani ng bansa
2. Maipaunawa sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng edukasyon sa buhay ng tao mayaman man o mahirap
3. Maikintal sa kanilang puso at isipan ang paggalang sa mga magulang
4. Mabigyang-diin ang kahalagahan ng pagpapatawad at pagpapasensiya
5. Matutuhan at maisabuhay ang lahat ng mga ginituang aral tulad ng pagpapakumbaba, pagiging matulungin, matiisin, matiyaga, tamang pagdedesiyon sa buhay, pagiging tapat sa pangako, pagpapahalaga sa karangalan o integridad, pagiging maingat at malinis sa kapaligiran at kalikasan at paglilingkod nang tapat sa kanyang nasasakupan
6. Maturuan ang mga mag-aaral na maging makabayan at mahalín ang sariling wika at kulturang kinagisnan
7. Matutong ipagtanggol ang karapatan bilang tao
8. Maipamulat na ang paggawa ng kabutihan ay dapat maghari sa kalooban ng bawat tao at ito ay tugon sa sinumang gumagawa ng kasamaan
9. Maipaunawa na ang salapi o kayamanan ay hindi ang lahat-lahat sa buhay sapagkat lason itong sumisira sa sinumang gumagawa ng kasamaan
10. Maituro kung paano maging tao at magpakatao
11. Maiwaksi sa puso at isipan ng tao na ang paghihiganti ay hindi kailanman magbubunga ng mabuti
12. Higit sa lahat, matutong tumawag at manalangin sa oras ng kagipitan kundi sa araw-araw upang magpasalamat at purihin Siya

Ang **Obra Maestra, Ikalimang Edisyon**, ay naglalayon ding maging epektibo ang mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa, pagsulat, pakikinig at pagsasalita. Dahil dito, may mga pagsasanay o gawain na susubok sa kanilang kakayahan at kasanayan upang matamo o maisakatuparan ang apat na makro ng komunikasyon.

#### **Core Benefits**

1. Makikilala at maipagmamalaki ang mga pangunahing manunulat at bayani ng bansa
2. Mapahalagahan ng mga mag-aaral ang karunungan ay tanging handog na dapat pagsinupan upang maging sandata laban sa kahirapan
3. Makatutulong sa paglinang at paghubog sa pagkatao ng mga mag-aaral maging sa kanilang intelektwal, emosyonal, sosyal, moral at ispirituwal



4. Mahahasa ang kanilang kakayahan at talino sa iba't ibang larangan na makatutulong tungo sa kanilang pag-unlad at pagtahak sa kanilang adhikain sa buhay
5. Mahihikayat na mapalalakas at mabibigyan ng malalim na pakahulugan ang mga nalalaman batay sa mga karanasan at obserbasyon na magsisislbing aral
6. Matututuhan ang salitang pagpapatawad at lahat ng mga gintong aral at magagamit sa tunay na nangyayari sa buhay
7. Matututo ang mga mag-aaral na magkaroon ng kamalayan sa mga nagaganap sa kanilang kapaligiran at maiaaplay sa pagbabago nito
8. Mahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-isip nang malalim, lumikha, magplano, sumuri nang krikal
9. Matututo silang palakasin ang kanilang kahinaan at paunlarin pa ang kanilang kalakasan
10. Mahihikayat silang makilahok sa mga prohekto na makatutulong sa pag-unlad ng bansa

Higit na mas maraming oportunidad o pagkakataon para sa mga mag-aaral upang sila ay matutong makapagpaliwanag, makapagbahagi ng kung anong mayroon sila o makapagbigay ng tulong sa mga nangangailangan, matutong sumuri at makapagproseso, makipanayam, makapagplano, makapagbigay ng kongklusyon sa tulong ng mga gawaing pagkatuto upang maisabuhay ang mga halagahang pangkatauhan na magbibigay ng kahulugan sa kanilang buhay.

### **Conformance**

- A. Ang pinakapunong gabay sa isang maayos na nilalaman ng aklat ay ang *Philippine Learning Competencies ng Department of Education* na kalakip ang *Scope and Sequence*.
- B. Ang aklat na *Obra Maestra, Ikalimang Edisyon* ay pinalakas sa pamamagitan ng pag-uugnay ng UBD at DI
- C. Ang aklat na *Obra Maestra, Ikalimang Edisyon* ay gumamit ng iba't ibang aspeto ng pagkaunawa ( *Facets of Understanding*) sa larangan ng pagtatanong.
- D. Nakapokus kung paano i-assess ang kanilang natutuhan mula sa iba't ibang awtentikong pamamaraan na nagpapakita kung paano ang mga ito ay iaaplay sa tunay na buhay.
- E. Nakapokus din sa pangangailangan (*need*) at nakatutok sa pagkakaiba –iba ng mga mag-aaral ( *student differences*)

## Augmented Features

Ang aklat na *Obra Maestra*, Ikalimang Edisyon, ay sinamahan ng :

1. TRM ( *Teacher Resource Material* ) upang maging gabay ng mga guro kung paano gamitin ang *worktext* upang higit na maging epektibo ang kanilang pagtuturo.
2. *Learning Guide*, isang *supplement*, upang magkaroon ang mga mag-aaral ng mas malalim na pagkaunawa sa mga konsepto at kasanayan, hindi lamang ng mga tamang impormasyon, kundi upang matutong gamitin ang mga ito nang may talino upang maging laging handa sa pagharap sa mga hamon at totoong mundong kanilang ginagalawan.
3. May mga *rubrics* na isinama upang maging gabay ng mga guro sa gagawing pagmamarka sa mga gawaing nakaatang sa kanilang mag-aaral.
4. May mga *graphic organizers* na magsisilbing biswal upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksang tinatalakay.
5. Maaaring makapasok o makakuha ng paraan sa pagkuha ng datos o *file* sa pag-download ng *ready to print activity sheets* at *graphic organizers, visual presentation* o maging *audio companions* at iba pa sa [www.rexinteractive.com](http://www.rexinteractive.com) gamit ang isang *valid e-mail address* at itinakdang *access code*.

## SALIENT FEATURES

Pamagat: **OBRA MAESTRA, Ikalimang Edisyon**

Tagapag-ugnay: Gng.Felicidad Q. Cuano

Bilang	Mga Pangunahing Katangian	Paglalarawan	Benepisyo sa Mag-aaral	Pahina
1	Nakasunod sa 21 <sup>st</sup> century skills	Hinati ito sa tatlong mahahalagang kasanayan: a. Pagkatuto at Kasanayang Inobasyon –pagiging malikhain, kritikal na pag-iisip, komunikasyon at kolaborasyon sa kapwa b. Impormasyon, Midya at Kasanayang Panteknolohiya c. <i>Life and Career Skills</i>	Ang mga mag-aaral ay magiging epektibo sapagkat maipakikita nila ang malawak na gampanin at kasanayan sa kritikal na pag-iisip na may kinalaman sa Impormasyon, Media at Teknolohiya	
2	Nakadiseno sa UBD at DI  Nakasentro sa mga bata ang iba't ibang <i>performance based tasks</i>	May mahalagang kaalaman at katanungan na kaugnay sa paksang tinatalakay Ang mga gawain ay tutugma ayon sa kagalingan at interes ng mga mag-aaral  Ang mga performance based tasks ay dinisenyo sa teorya ng UBD at DI.	Matututo ang mga mag-aaral na magamit ang kanilang talino at interes ayon sa kanilang kakayahan  Tataas at lalawak ang kanilang iba't ibang uri ng talino tulad ng <i>bodily kinesthetic, visual, interpersonal</i> at iba pa.	
3	Maayos na pagkakasunod-sunod ng mga elemento sa isang awtentikong pamamaraan	Maingat na inayos ang mga elemento sa isang awtentikong pamamaraan mula sa pagkuha ng nalalaman ng mga bata, pagganyak, pagpapalawak ng kaalaman, pagsasagawa ng mga gawaing pagkatuto at pagpapalaganap ng natutuhan sa kapwa at nangangailangan.	Hindi lamang napalalawak ang kanilang kaalaman bagkus ay natututo silang palaganapin at ibahagi sa iba ang kanilang natutuhan.	
4	Mapanghamong mga katanungan na nasusulat sa	Nakapaloob dito ang mga mapanghamong mga katanungan	Mahahasa ang mga bata na	

	iba't ibang aspeto ( <i>Facets of Understanding</i> )	na naka-align sa mga pangunahing mithiin ng aklat.	maging mapanuri at mag-isip nang malalim	
5	Pag-uugnay sa ibang disiplina	Ang mga aralin ay iniugnay sa iba't ibang disiplina	Lalawak ang kaalaman ng mga bata ukol sa iba't ibang paksa	
6	Pagpapahalaga sa Edukasyong <i>Transformative</i>	Tumatalakay ito sa mga napapanahon at pangunahing paksa na tumatalakay sa edukasyong pagpapakatao, katarungan, pangkapaligiran, at pangkapayapaan.	Matututong makipagpalitan ng opinyon at saloobin ang mga bata ukol sa paksa.	
7	Mayaman sa pagdulog na Integratibo, Kolaboratibo at <i>Cooperative Learning</i>	Mga pagdulog ito na gumagamit ng mga estratehiya sa tulong ng interaktibo, <i>multimedia</i> at mga kapaki-pakinabang na mga gawain.	Matututong makihalubilo at makiisa ang mga bata sa mga gawaing pagkatuto.	
8	Nakasusunod sa <i>learning competencies</i> ng DepEd	Ito ang mga pangangailangan na dapat matutuhan ng mga bata na batay sa <i>learning competencies</i> ng DepEd.	Magiging <i>updated</i> sila at hindi mahuhuli sa mga pangunahin at mahahalagang paksa na kinakailangan nilang matutuhan.	
9	Maaaring maisakatuparan ang mga layunin sa bahagi ng mga mag-aaral	Mga layunin ito na pangkaalaman, pandamdamin at pansaykomotor na kayang gawin ng mga bata	Lalawak ang kaalaman, matututong dumama, isabuhay, ibahagi at isakatuparan ang mga gawaing nakaatang sa kanilang balikat sa mas malawak na obligasyong moral sa lipunan	

10	Nakasunod ang aklat sa <i>scope and sequence</i>	Ito ang pagkakasunud-sunod na paksa na hinihingi ng DepEd.	Magiging malinaw sa mga bata ang mga paksang nakahanda para sa kanila.	
11	Naglalaman ang aklat ng mga araling maaaring tapusin sa loob ng panuruang taon	Mahusay na isinaayos ang mga aralin na maaaring tapusin sa loob ng isang taon.	Magkakaroon ang mga bata ng pagkakataon na mabatid lahat ang mga araling inihanda para sa kanila.	
12	Punung-puno ang mga aklat ng mga <i>illustrations</i> at <i>graphic organizers</i>	Ang mga aralin ay pinayaman ng mga <i>illustrations</i> at <i>graphic organizers</i> na makatutulong sa mga bata na maunawaan ang paksa.	Madaling mauunawaan ng mga bata ang aralin kung mayaman sa mga <i>visuals</i> .	
13	May batayan sa pagmamarka ng gawaing pagkatuto sa tulong ng <i>rubrics</i>	Ang rubrics ay isang paraan upang malaman kung paano naisagawa ang mga gawaing pagkatuto na itinakda sa DI.	Magiging pabor ito sa mga bata sapagkat hindi makakapanghula ang guro sa pagbibigay ng marka sa kanila.	

14	May mga talasalitaan	Ito ang mga salitang magbibigay ng linaw sa paksang binabasa ng mga bata.	Lalawak ang kanilang bokabularyo at hindi magiging pigil sa pagsasalita o pagpapaliwanag man.	
15	Nakapokus sa kasalukuyan o napapanahong mga isyu	Ito ang mga paksang sinaliksik upang ang mga bata ay magkaroon ng bagong kaalaman na gigising sa kanilang kamalayan.	Ginagawa ito upang gisingin ang mga pahat na isipan at mamulat ang kamalayan sa kasalukuyang nangyayari hindi lamang sa bansa kundi maging sa labas ng bansa.	